**Pamagat**: Ipinanganak na Muli sa Pamamagitan ng Salita ng Dios

**Bible Text**: 1 Peter 1:23 "Being born again, not of corruptible seed, but of incorruptible, by the word of God, which liveth and abideth for ever."

*Pagsasalin*: Yamang ipinanganak kayong muli, hindi sa binhing nasisira, kundi sa walang kasiraan, sa pamamagitan ng salita ng Dios na nabubuhay at namamalagi.

**Panimula**:
1. Ang kaligtasan ay mas higit pa kaysa sa pagpapakabait.
2. Ang kailangan ng tao ay siya ay ipanganak na mag-uli.
3. Isa lamang ang instrumento na ginagamit ng Dios para dito: Ang kanyang mga salita.

**I. Ang Pangangailangan ng Pagiging Born Again**.

A. Dumating si Jesus para dalhin ang mga makasalanang tao na nararapat na ilagay sa impyerno at ilagay sila sa harapan ng Dios. (1 Peter 3:18)
B. Ang pagiging born again ay kalagayan ng kaluluwa at espritu, hindi ito relihiyon o secto.
C. Ang unang pagkasilang ay physical life. Ang ikalawa ay espritual life.
D. Hindi sapat ang physical life para sa buhay na walang hanggan. Kailangan ang spiritual life.
E. Ang spiritual life ay hindi kayang gawin ng tao:
   - E.1. Rom. 6:16-18 – dati alipin ng kasalanan pero ngayon alipin ng katuwiran.
   - E.2. 1 Cor. 1:2; 6:8-11 – mga ginawang banal.
   - E.3. 2 Cor. 5:21 - Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin: upang tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Dios.
   - E.4. Eph. 1:7; Col. 2:13 – Ang kapatawaran ng ating mga kasalanan.
   - E.5. 1 Jn. 2:20 - At kayo'y may pahid ng Banal, at nalalaman ninyo ang lahat ng mga bagay.

**II. Ang Pangangailangan ng Salita ng Dios**.

A. "According to the Scriptures" – sa pamamagitan ng mga kasulatan. (1 Cor. 15:1-4).
B. Hindi ito sa pamamagitan ng iglesia, ng relihiyon o pamanhiin o isip o pilosopia ng tao.
C. Jn. 15:3 – Malinis tayo sa pamamagitan ng salita ng Panginoong Jesus.
D. 1 Pet. 1:23-24 – Sapagka't, Ang lahat ng laman ay gaya ng damo, At ang lahat ng kaniyang karangalan ay gaya ng bulaklak ng damo. Ang damo'y natutuyo, at ang bulaklak ay nalalanta: (v.24) Datapuwa't ang salita ng Panginoon ay namamalagi magpakailan man. At ito ang salita ng mabuting balita na ipinangaral sa inyo.

**Katapusan**:
1. Si Jesus ay namatay at inilibing, at muling nabuhay hindi para gawin niya tayong mabait na mamamayan ng Pilipinas, o magandang kapitbahay o mahusay na tao – iniligtas tayo ng Panginoon upang dalhin tayo sa Dios.
2. Kung tatanggapin mo ang katotohanan ng salita ng Dios ito ay magtuturo sa iyo ng patungkol sa kaligtasan na na kay Jesus.
3. Kung tatangihan no ang mga salita ng Dios, hahatulon ka ng mga ito sa huli.
   Jn. 12:48 -Ang nagtatakuwil sa akin, at hindi tumatanggap sa aking mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: ang salitang aking sinalita, ay siyang sa kaniya'y hahatol sa huling araw.